# Kaya sumpa man kay Allāh, talagang ang Mundo ay higit na hamak para kay Allāh kaysa rito para sa inyo.

Ayon kay Jābir, malugod si Allāh sa kanya, ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay naparaan sa palengke samantalang ang mga tao ay nasa magkabilang gilid niya at naparaan siya sa isang patay na batang kambing na maliit ang tainga. Inabot niya ito kinuha sa tainga nito. Pagkatapos ay nagsabi: "Alin sa inyo ang iibiging ito ay mapasakanya kapalit ng isang dirham?" Nagsabi sila: "Hindi po namin iibiging iyan ay mapasaamin kapalit ng anuman. Ano po ang gagawin namin diyan?" Pagkatapos ay nagsabi siya: "Iibigin ba ninyong ito ay mapasainyo?" Nagsabi sila: "Sumpa man kay Allāh, kung sakaling iyan man ay buhay, iyan ay kapintasan; tunay na iyan ay maliit ang tainga. Kaya papaano na at iyan ay patay na!" Nagsabi siya: "Kaya sumpa man kay Allāh, talagang ang Mundo ay higit na hamak para kay Allāh kaysa rito para sa inyo."
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpapabatid sa atin si Jābir, malugod si Allāh sa kanya, na ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay naparaan sa palengke sa isang batang batang kambing, na putol ang mga tainga. Kinuha ito ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, iniangat niya ito, at nagsabi siya: "May isa ba sa inyong magnanais nito kapalit ng isang dirham?" Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, hindi po namin nanaisin iyan kapalit ng anuman." Nagsabi siya: "May isa ba sa inyong maghahangad na mapasakanya ito?" Nagsabi sila: "Hindi po." Nagsabi siya: "Tunay na ang Mundo ay higit na hamak para kay Allāh, pagkataas-taas Niya, kaysa sa batang kambing na ito." Ninais ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na linawin sa mga Kasamahan niya at Kalipunan niya matapos niya na ang Mundo ay higit na hamak at higit na aba sa ganang kay Allāh, pagkataas-taas Niya, kaysa rito sa patay na batang kambing na putol ang mga tainga, na inaayawan ng mga matinong kaluluwa. Ito ang kalagayan ng Mundo sa paghahambing sa Kabilang-buhay: walang halaga ito sa ganang kay Allāh at hindi tumitimbang ng isang pakpak ng isang lamok, gaya ng nasa ḥadīth ayon kay Sahl bin Sa`d, malugod si Allāh sa kanya, ayon sa Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Kung nangyaring ang Mundo ay nakatutumbas sa ganang kay Allāh sa isang pakpak ng isang lamok, hindi sana siya nagpainom mula rito sa isang tumatangging sumampalataya ng isang inom na tubig." Isinaysay ito ni Imām At-Tirmidhīy, numero 2320. Itinuring na tumpak ito ni Shaykh Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ wa Ḍa`īf Sunan At-Tirmidhīy, numero 2320. Ninais ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na himukin ang mga Kasamahan niya at Kalipunan niya matapos niya na gawin nila ng Mundo bilang kaparaanan tungo sa pagdating sa ninanais ni Allāh, hindi para maging pakay nila at layon nila dahil

tunay na nasa gayon ang kapahamakan nila.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4178